may talata sa Aklat ninyo na binibigkas ninyo. Kung sakaling sa amin na katipunan ng mga Hudyo bumaba ito, talaga sanang gumawa kami sa araw na iyon bilang isang pagdiriwang

Ayon kay `Umar bin Al-Khaṭṭāb (malugod si Allāh sa kanya): {May isang lalaking kabilang sa mga Hudyo na nagsabi sa kanya: "O Pinuno ng mga Mananampalataya, may talata sa Aklat ninyo na binibigkas ninyo. Kung sakaling sa amin na katipunan ng mga Hudyo bumaba ito, talaga sanang gumawa kami sa araw na iyon bilang isang pagdiriwang." Nagsabi siya: "Aling talata?" Nagsabi ito (Qur'ān 5:3): {Sa araw na ito bumuo Ako para sa inyo ng Relihiyon ninyo, lumubos Ako sa inyo ng biyaya Ko at nalugod Ako para sa inyo sa Islām bilang relihiyon.} Nagsabi si `Umar: "Nakaalam nga kami ng araw na iyon at lugar na bumaba ito roon sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) habang siya ay nakatayo sa `Arafah sa araw ng Biyernes."}

[Tumpak] [Nagkasang-ayon sa katumpakan nito]

May dumating na isang lalaking kabilang sa mga Hudyo sa Pinuno ng mga Mananampalataya na si `Umar (malugod si Allāh sa kanya) at nagsabi ito sa kanya: "May talata sa Aklat ninyo na binibigkas ninyo. Kung sakaling bumaba ito sa amin – katipunan ng mga Hudyo – sa kasulatan namin, ang Torah, talaga sanang gumawa kami sa araw na iyon bilang isang pagdiriwang, na magdiriwang kami nito bilang pasasalamat sa pagpapala ng pagbaba ng dakilang talatang ito." Kaya nagsabi rito si `Umar (malugod si Allāh sa kanya): "Aling talata?" Nagsabi ito (Qur'ān 5:3): {Sa araw na ito bumuo Ako para sa inyo ng Relihiyon ninyo, lumubos Ako sa inyo ng biyaya Ko at nalugod Ako para sa inyo sa Islām bilang relihiyon.} Nagsabi si `Umar (malugod si Allāh sa kanya): "Nakaalam nga kami sa araw na iyon at lugar na bumaba roon ang marangal na talatang ito sapagkat bumaba nga ito sa araw ng Eid – ang araw ng Biyernes – sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) habang siya ay nakatayo sa `Arafah." Ang dalawang ito ay dalawang dakilang araw sa ganang mga Muslim.

http://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/65298